# Batas ng Mga Pampamilyang Karapatang

# Pang-Edukasyong at Pampribado (FERPA)

# Taunang Abiso ng Mga Karapatan at Direktoryong

# Impormasyon ng Hindi Pagsali Na Pormularyo

2023-2024 Tagalog, Mataas na Paaralan

Ang **Batas ng Mga Pampamilyang Karapatang Pang-edukasyon at Pampribado (FERPA)** (20 U.S.C. § 1232g; 34 CFR Part 99) ay isang pederal na batas na nagpoprotekta ng pampribado ng mga talaan sa edukasyon ng mag-aaral.

Para sa mga katanungan at karagdagang impormasyon tungkol sa dokumentong ito, makipag-ugnay sa sumusunod:
https://www.seattleschools.org/ferpa-questions/

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa FERPA, tingnan sa https://studentprivacy.ed.gov/audience/parents-and-students

**Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle (SPS) - Abiso Para sa Mga Karapatan sa Ilalim ng Batas ng Pampamilyang Karapatang Pang-Edukasyon at Pampribado (FERPA)**

**Sa ilalim ng FERPA, ang mga magulang/tagapag-alaga ng mga mag-aaral na wala pang 18 taong gulang at mga mag-aaral na lampas ng 18 taong gulang ("mag-aaral na karapat-dapat") ay may tiyak na mga karapatan tungkol sa mga pang-edukasyon na talaan ng mag-aaral. Kung ang mag-aaral ay 18 taong gulang, kahit naninirahan kasama ang magulang/tagapag-alaga, ang mag-aaral ay mayroong lahat ng karapatan sa ilalim ng Batas na ito. Ang mga karapatang ito ay:**

1. Ang karapatan na suriin at repasuhin ang kanilang mga talaan sa edukasyon sa loob ng 45 araw sa araw na matanggap ng SPS ang isang nakasulat na kahilingan.

   Ang mga magulang o mga karapat-dapat na mag-aaral na nagnanais na suriin ang kanilang anak o kanilang mga pang-edukasyonal na talaan ay dapat magbigay sa punong-guro ng paaralan ng isang nakasulat na kahilingan na kumikilala sa mga talaan na ninanais na suriin. Ang opisyal ng paaralan ay gagawa ng mga kaayusan para makuha at abisuhan ang magulang ng oras at lugar kung saan ang mga talaan ay maaaring masuri.

2. Ang karapatan na humiling ng pagbabago sa mga talaan sa edukasyon para sa mag-aaral na sa palagay ng magulang o karapat-dapat na mag-aaral ay hindi tama, nakalilito, o kung hindi man ay lumalabag sa mga karapatan ng pampribado ng mag-aaral sa ilalim ng FERPA. Kung nagpasya ang SPS na hindi baguhin ang talaan, aabisuhan ng SPS ang magulang/tagapag-alaga o karapat-dapat na mag-aaral tungkol sa desisyon at papayuhan sila ng kanilang karapatan sa isang pagdinig tungkol sa kahilingan para sa pagbabago. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng pagdinig ay ibibigay sa magulang/tagapag-alaga o karapat-dapat na mag-aaral kapag inabisuhan ng karapatan sa isang pagdinig.

3. Ang karapatan na magpahintulot ng pagsisiwalat ng pansariling nakakakilalang impormasyon na nakasaad sa mga talaan sa edukasyon ng isang mag-aaral, maliban sa lawak ng pinahihintulutan ng FERPA ang pagsisiwalat kahit na walang pahintulot. Ang isang eksepsyon na pinapayagan ang pagsisiwalat kahit na walang pahintulot ay pagsisiwalat sa isang opisyal ng paaralan na may lehitimong interes tungkol sa pag-aaral.

   Ang isang opisyal ng paaralan ay isang tauhan ng nagtatrabaho sa SPS bilang isang tagapamahala, superbisor, tagapagturo, o sumusuportang kawani (kabilang ang pangkalusugan o medikal na kawani at tauhan na nagpapatupad ng batas); isang mag-aaral na magiging guro; isang tao na nagsisilbi sa Lupon ng Paaralan; mga kontraktor, (isang tao o kumpanya na kinuha ng SPS upang gawin ang espesyal na gawain, gaya ng abogado, tagasuri, tagapayong medikal, o taong dalubhasa sa paraan ng panggagamot); mga tagapayo; mga boluntaryo; o isang magulang o mag-aaral na nagsisilbi sa isang opisyal na komite, o nakikipagtulungan sa ibang opisyal ng paaralan sa pagpapatupad ng kanilang mga gawain.

   Ang opisyal ng paaralan ay may makatwirang interes sa edukasyon kung ang opisyal ay nangangailangan na suriin ang talaan upang matupad ang kanilang propesyonal na pananagutan.

   Kung hiniling, ipapahayag ng SPS ang mga talaan sa edukasyon ng walang pahintulot sa mga opisyal ng ibang paaralan na kung saan ang mag-aaral ay nais pumasok o pumapasok na.

4. Ang karapatan na maghain ng isang reklamo sa Departamento ng Edukasyon ng U.S. tungkol sa mga sinasabing mga pagkabigo ng SPS para makasunod sa mga kinakailangan ng FERPA. Ang mga nakasulat na reklamo ay kailangang idirekta sa Family Policy Compliance Office, US Department of Education; 400 Maryland Avenue S.W.; Washington. DC 20202.

**Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle (SPS) – Abiso sa Direktoryong Impormasyon**

Sa ilalim ng FERPA, ang SPS ay maaaring magsiwalat ng angkop na itinalagang “direktoryong impormasyon” sa sinuman ng walang nakasulat na pahintulot, kabilang subali’t hindi limitado sa mga samahan ng guro at magulang, ang media, mga kolehiyo at pamantasan, ang militar, mga grupong pangkabataan, at mga magbibigay ng iskolarsip, maliban kung sinulatan mo ang SPS na ayaw mo na ipalabas ang impormasyon alinsunod sa mga pamamaraan na nakabalangkas sa pormularyong ito.

**Ang mga sumusunod na impormasyon ay itinuturing na direktoryong impormasyon:**
Ang pangalan ng magulang/tagapag-alaga at mag-aaral, tirahan, numero ng telepono sa bahay, e-mail address sa bahay, larawan o video ng mag-aaral, araw ng kapanganakan ng mag-aaral, mga araw ng pagpapatala, antas ng grado, katayuan sa pagpapatala, natapos o natanggap na gantimpala, pangunahing larangan ng pag-aaral, pagsali sa mga kinikilalang opisyal na mga gawain at mga pangkat ng palakasan, taas at timbang ng mga manlalaro, pinakahuling pinasukang paaralan o programa, at iba pang impormasyon na hindi karaniwang tinuturing na makasasakit o isang pagsaklaw sa pampribado kung isisiwalat.

**Impormasyon tungkol sa Pagpapalabas ng Direktoryong Impormasyon para sa Mga Mag-aaral na nasa Mga Grado 9 hanggang Labingdalawa (9-12)**
Bilang isang magulang/tagapag-alaga ng isang mag-aaral sa hayskul o isang karapat-dapat na mag-aaral (nakaabot na sa 18 taong gulang), may karapatan ka na pumili sa tatlong (3) opsyon na kung ang direktoryong impormasyon ng iyong mag-aaral (o sa iyo) ay ilalabas o hindi. (Pumunta sa susunod na pahina para makita ang mapagpipilian.)

**Mga Kahilingan ng Militarya sa Direktoryong Impormasyon**
Sa ilalim ng pederal na batas, ang mga recruiter ng militarya ng Estados Unidos ay binibigyan, sa oras na humingi, na makatanggap ng mga pangalan, mga numero ng telepono, at mga tirahan ng “mga mag-aaral sa paaralang sekundarya,” maliban kung ang magulang/tagapag-alaga o karapat-dapat na mag-aaral ay hindi nagpapahintulot sa pagpapalabas ng direktoryong impormasyon sa militarya sa pamamagitan ng pagpili ng Opsyon B o Opsyon C. Karaniwan na ang militarya ay humihingi ng impormasyong ito sa Oktubre ng bawat taon ng akademya. Kung ayaw mo na ang impormasyon ay ibigay sa militarya, **kailangan** mo na piliin ang Opsyon B o Opsyon C at ibalik ang pormularyong ito hanggang **Oktubre 1** ng masiguro ng ang iyong pinili ay naitala ng nasa oras.

Kahit ang pagpili ng Opsyon B o C ay nangangahulugan na hindi ipapalabas ng SPS ang direktoryong impormasyon sa militarya, ang militarya ay maaaring mangalap ng impormasyon ng mag-aaral mula sa iba, mga mapagkukunan na hindi galing sa distrito. Karagdagan pa, ang pagpili ng Opsyon B o Opsyon C ay hindi pumipigil sa mga recruiter ng militarya na makipag-usap sa iyong mag-aaral kung ang recruiter ay nasa kampus.

Pumili ng isang opsyon sa susunod na pahina at ibalik ang pormularyong ito sa paaralan na pinapasukan ng iyong mag-aaral hanggang Oktubre 1.

**Isinasaalang-alang ng SPS na ang isang katugunan ay pagpapahintulot para sa Opsyon A kung ang magulang/tagapag-alaga o karapat-dapat na mag-aaral:**

1. Nagbigay ng pormularyo, ngunit hindi namarkahan ang isa sa mga kahon O
2. Hindi ibinalik ang pormularyo O
3. Kung ang Opsyon A ang pinili karagdagang sa iba pang mga opsyon.

Tandaan, hindi makokontrol ng distrito ang pagkakalat ng mga larawan/imahe o mga pangalan na nakuha ng mga hindi taga-distrito na mapagkukunan kung kailan ang mga mag-aaral ay lumahok sa mga pangyayari sa paaralan na bukas sa pangkalahatang publiko.

<<<< Baligtarin para sa Pagpipilian at Lagda >>>>

**Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle (SPS) – Pormularyo ng Hindi Pagsali sa Direktoryong Impormasyon ng FERPA Mataas na Paaralan**

**Kumpletuhin ang pormularyong ito at ibalik sa paaralan ng mag-aaral hanggang ika-1 ng Oktubre.**

Kung kayo ay may mahigit sa isang mag-aaral, ibalik ang magkakahiwalay na pormularyo ng bawat mag-aaral.
Ang mga pormularyo ay maaaring ibalik ng personal o sa pamamagitan ng U.S. Mail.

Ilimbag ang Buong Pangalan ng **Mag-aaral** ___________________________________________________________________________

Petsa ng Kapanganakan ________________________________ Numero ng ID sa Paaralan ng Mag-aaral ______________________

Markahan ang **isa lamang** Opsyon para sa mag-aaral na nakapangalan sa itaas:

☐ **Opsyon A**: Pumapayag ako sa pagpapalabas ng mga direktoryong impormasyon tungkol sa mag-aaral na nakapangalan sa itaas.

**Kung maraming opsyon ang pinili karagdagang sa Opsyon A, ang ibang pinagpilian(mga) ay hindi tatanggapin. Isasaalang-alang ng SPS ang pahintulot na ito para sa opsyon A.**

**O**

☐ **Opsyon B**: Pumapayag ako sa pagpapalabas ng mga nasa itaas na direktoryong impormasyon tungkol sa mag-aaral na nakapangalan sa itaas, **maliban sa impormasyon tungkol sa mag-aaral ay HINDI maaaring ibigay sa militarya.**

**O**

☐ **Option C: Hindi ko pinapayagan na ipalabas ang nasa itaas na direktoryong impormasyon** tungkol sa mag-aaral na nakapangalan sa itaas, maliban kung pinapayagan ng batas o ipinahihiwatig sa pamamagitan ng aking pahintulot para sa tiyakang eksepsyon sa ibaba.

--------------------------------------------------------------------------------

**Ang sumusunod na <u>mga eksepsyon</u> ay maaari LAMANG na piliin <u>kung pinili mo ang Opsyon C mula sa tatlong Opsyon na nakalista sa itaas</u> (halimbawa ang pahintulot ay hindi tinanggap).**
Sa pagpili ng isa o marami pang eksepsyon na nabanggit sa ibaba, nagpapahintulot ka sa pagpayag na ipalabas ang direktoryong impormasyon sa isinasalarawan na paraan. Ang impormasyon ng iyong anak ay hindi isasama sa anuman sa mga sumusunod maliban kung nakumpleto ang seksyon sa ibaba.

☐ **Direktoryo ng Paaralan at Listahan ng Silid-aralan** – Oo, nagbibigay ako ng pahintulot na ipalabas ang direktoryong impormasyon ng aking mag-aaral sa ating mga pamilya, kawani, at PTSA. Ang pahintulot ay sumasaklaw din sa diyaryo ng paaralan (nilimbag & digital na bersyon), mga listahan ng may karangalan, programa ng pagtatapos/pagsisimula, poster ng teatro, mga listahan/mga programa ng pangkat ng atleta, programa ng banda/koro at iba pang listahan ng pagkilala.

☐ **Larawan/Video –** Oo, Nagbibigay ako ng pahintulot para sa mga larawan at mga video ng aking mag-aaral na ipaskil sa paaralan at panglabas na website ng distrito, sosyal media at nakalimbag na lathalain ng distrito. Ang pahintulot ay sumasakop din sa mga newsletter ng paaralan at naka-base sa paaralan na mga komunikasyon ng email. *Ang mga pangalan ay <u>hindi</u> ipapaskil*.

☐ **Pagpapalabas ng Larawan sa Yearbook/Klase** OO, nagbibigay ako ng pahintulot para ang larawan at pangalan ng aking mag-aaral ay makasama sa yearbook at larawan sa klase

**Limbag na Pangalan ng Pumirma____________________________________________ Petsa ______________________________**

**Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga/Karapat-dapat na Mag-aaral_____________________________________________________**

*Ang pormulayong ito ay pananatilihin ng paaralan ng iyong mag-aaral at ang iyong pinili ay idodokumento sa Sistema ng Impormasyon ng Mag-aaral.*

**Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle (SPS) – Abiso Para sa Karapatan Na Maghain ng Kahilingan Para sa Mga Pampublikong Talaan**

Ang **Batas ng Mga Pampublikong Talaan ng Estado ng Washington** (RCW 42.56) ay isang batas ng estado na nagbibigay ng pampublikong pagkuha ng lahat ng talaan na pinananatili ng mga estado at lokal na ahensiya, na may mga limitadong iksemsyon.

Alinsunod sa RCW 28A.320.160, ang mga paaralang distrito ay kinakailangan na abisuhan ang mga magulang/tagapag-alaga ng kanilang karapatan, sa ilalim ng ng Batas ng Pampublikong Talaan ng Washington (RCW 42.56), na humiling ng mga pampublikong talaan tungkol sa disiplina ng empleyado ng paaralan. Para humingi ng kahilingan sa pampublikong talaan sa SPS, magpadala ng nakasulat na kahilingan, sa pagsulat, sa: Office of the General Counsel: Attn: Public Records Request; SPS: MS 32-151; PO Box 34165: Seattle, WA 98124

Para sa karagdagang impormasyon sa Batas sa Pampublikong Talaan, tingnan https://mrsc.org/Home/Explore-Topics/Legal/Open-Government/Public-Records-Act/Public-Records-Act-Basics.aspx

---

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nangangako na gawin na madaling makukuha at magagamit ang online na impormasyon ng lahat ng tao, anuman ang kakayahan at teknolohiya. Ang pagtugon sa mga alituntunin at pamantayan ng pagkuha sa web ay isang patuloy na proseso na palagian namin na ginagawa para mapabuti.

Habang sinisikap ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle na maglathala lamang ng mga dokumento na ginawa para madaling makuha, sa kadahilanan ng kalikasan at pagiging kumplikado ng ilang dokumento, ang madaling makuhang bersyon ng dokumento ay maaaring hindi makukuha. Sa limitadong mga pagkakataon, ang Distrito ay magbibigay ng katumbas na epektibong alternatibong pagkuha.